# Mga Internasyonal Student At Mga Numero ng Social Security

Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Katayuan sa imigrasyon | 2 |
| Pagiging Karapat-dapat sa Trabaho | 2 |
| Edad | 3 |
| Pagkakakilanlan | 3 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 3 |


Kayo ba ay pansamantalang nasa Estados Unidos para pumasok sa kolehiyo, pang-wika, vocational, o di akademikong aaralan na may nonimmigrant na **F-1**, **M-1,** o **J-1** student classification (pagkakauri na estudyante)? Maaaring hilingin mula sa inyo ng paaralan ang inyong numero ng Social Security. Ang ilang mga kolehiyo at paaralan ay gumagamit ng mga numero ng Social Security bilang mga numero ng ID para sa mga estudyante. Kung wala kayong numero ng Social Security, ang kolehiyo o paaralan ay dapat na bigyan kayo ng iba pang numero ng ID.

Ang mga numero ng Social Security ay karaniwang itinatalaga sa mga tao na may awtorisasyon na magtrabaho sa Estados Unidos. Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit para i-ulat ang mga suweldo sa pamahalaan at para mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo mula sa Social Security. Hindi magtatalaga ang Social Security ng numero sa inyo para lang makapag-enroll kayo sa isang kolehiyo o paaralan.

Kung gusto ninyong makakuha ng trabaho sa campus, dapat kayong makipag-ugnayan sa natalagang opisyal ng paaralan para sa mga estudyante na mula sa ibang bansa. Masasabi ng opisyal na ito kung kayo ay karapat-dapat para magtrabaho sa campus at mabibigyan kayo ng impormasyon tungkol sa mga handang makuhang trabaho. At, maaari rin aprubahan ng inyong paaralan ang ilang mga limitadong wala sa campus na trabaho, ayon sa pagpapahintulot

sa ilalim ng mga regulasyon ng Department of Homeland Security (DHS). **Kung binigyan kayo ng awtorisasyon ng inyong paaralan na magtrabaho sa loob o labas ng campus, at kayo ay nakakatugon sa mga kahilingan upang maging karapat-dapat ng Social Security tulad nang inilalarawan sa susunod na seksyon, maaari kayong makakuha ng numero ng Social Security.**

Karaniwan, hindi lamang ang mga di mamamayan na may pahintulot mula sa DHS na magtrabaho ang maaaring mag-apply para sa isang numero sa Social Security. Iminumungkahi namin sa inyong maghintay ng 48 oras makalipas i-ulat sa inyong paaralan bago kayo mag-apply para sa isang numero sa Social Security. Ang paghihintay na ito ay makakatulong na matiyak na mapapatotohanan namin ang inyong katayuan sa imigrasyon sa DHS.

Para mag-apply para sa isang numero ng Social Security sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security:

- Magkompila ng isang application para sa isang social security card; at
- Ipakita sa amin ang mga dokumento na pinatutunayan ang inyong:
  - —Katayuan sa imigrasyon na may pahintulot na magtrabaho;
  - —Edad; at
  - —Pagkakakilanlan.

## Katayuan sa imigrasyon

Para mapatunayan ang inyong katayuan sa imigrasyon, kailangan ninyong magpakita sa amin ng isang kasalukuyang admission stamp (tatak ng pagpasok sa bansa) sa inyong hindi pa nagpapasong dayuhang pasaporte at *Arrival/Departure Record (*Form I-94*)*, kung mayroon man. Kung kayo ay isang F-1 o M-1 na estudyante, kailangan rin ninyong ipakita sa amin ang inyong *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status (Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Di Imigranteng Katayuan ng Mag-aaral)* (Form I-20). Kung kayo ay isang isang J-1 na exchange visitor *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status (Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Di Imigranteng Katayuan ng Mag-aaral)* (Form DS-2019).

## Pagiging Karapat-dapat sa Trabaho

Kung kayo ay isang F-1 na estudyante at karapat-dapat na magtrabaho sa campus, kailangan ninyong magbigay ng isang liham sa naitalaga sa inyong opisyal ng paaralan na

- nagpapakilala sa inyo;
- Kinukumpirma ang inyong kasalukuyang katayuan sa paaralan; at
- Kinikilala ang inyong employer at ang uri ng trabaho na ginagawa ninyo, o gagawin ninyo.

Kailangan rin namin makakita ng katibayan ng nasabing trabaho, tulad ng pinakahuling pay slip o liham mula sa inyong employer. Kailangang lagdaan at lagyan ng petsa ng inyong supervisor ang liham na mula sa trabaho. Dapat ipaliwanag sa liham na ito

- Ang inyong trabaho;
- Ang petsa ng pag-uumpisa ng inyong trabaho;
- Ang dami ng oras na kayo ay nagtatrabaho, o magtatrabaho; at
- Ang pangalan at numero ng telepono ng inyong supervisor.

Kung kayo ay isang F-1 na estudyanteng may awtorisasyon na magtrabaho sa isang curricular practical training (CPT), kailangan ninyong ipagkaloob sa amin ang inyong Form I-20 sa pahina ng trabaho na nakumpleto at nilagdaan ng itinalagang opisyal ng inyong paaralan.

Kung kayo ay isang F-1 o M-1 na estudyante at may permiso sa trabaho (Form I-766) mula sa DHS, kailangan ninyong ipakita ito.

Kung kayo ay isang J-1 na estudyante, isang intern na estudyante, o internasyonal na bisita, kailangan ninyong magkaloob ng isang liham

*(kabila)*

mula sa inyong sponsor. Ang liham ay dapat nakasulat sa isang opisyal na papel na nakasulat ang pangalan ng pinagtatrabahuhan na may orihinal na lagda na nagbibigay pahintulot sa inyong trabaho.

Hindi namin mapoproseso ang inyong application kung

- Ang inyong nasa loob ng campus o CPT na trabaho ay magsisimula ng higit sa 30 araw mula sa petsa ng inyong pagsasampa ng application; o
- Ang petsa ng pag-uumpisa ng trabaho sa inyong permiso para sa trabaho mula sa DHS (Form I-766) ay petsa na hindi pa nagaganap.

## Edad

Kailangan ninyong ipakita ang inyong dayuhang birth certificate kung mayroon kayo nito o makukuha ito sa loob ng 10 araw na may pasok sa trabaho. Kung wala kayong maibigay na dayuhang birth certificate, maaari naming ikonsidera ang iba pang mga dokumento, tulad ng inyong pasaporte o isang dokumentong ipinalabas ng DHS, bilang katibayan ng inyong edad.

## Pagkakakilanlan

Matatanggap lang namin ang ilang mga dokumento bilang katibayan ng pagkakakilanlan. Ang isang katanggap-tanggap na dokumento ay dapat nasasapabahon (hindi expired) at nagpapakita ng inyong pangalan, nagpapakilalang impormasyo, at mas mainam, isang pinakahuling litrato. Hihilingin ng Social Security na makita ang inyong kasalukuyang hindi expired na foreign passport kasama ng mga ipinalabas ng DHS na mga dokumento ng imigrasyon.

***Ang lahat ng mga dokumento ay dapat mga orihinal o kopya na may sertipiko ng nagpalabas na ahensya. Hindi namin matatanggap ang mga photocopy o na-notaryong kopya ng mga dokumento. Hindi rin namin matatanggap ang resibo na nagpapakita ng kayo ay nag-apply para sa dokumento.*** Maaari kaming gumamit ng isang dokumento para sa dalawang layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang inyong admission stamp sa hindi pa nagpapasong dayuhang pasaporte bilang katibayan sa parehong pagiging karapat-dapat sa pagtrabaho at pagkakakilanlan.

Hindi namin hinihiling sa inyong magkaroon ng numero ng Social Security bago kayo makakapagsimulang magtrabaho. Gayunman, hinihiling ng Internal Revenue Service mula sa mga employer nito na i-ulat ang mga suweldo gamit ang numero ng Social Security. Habang hinihintay ninyo ang inyong numero ng Social Security, maaaring gumamit ng isang liham ang inyong employer mula sa amin na nakasaad na kayo ay nag-apply para sa isang numero. Maaaring gamitin ng inyong employer ang mga dokumento na mula sa imigrasyon bilang katibayan ng inyong awtorisasyon na magtrabaho sa Estados Unidos. Ang mga employer ay makakahanap ng mas maraming impormasyon sa Internet sa ***www.socialsecurity.gov/employer/hiring.htm.***

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

*(kabila)*

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



**Social Security Administration**
Publication No. 05-10181-TL | August 2017
Mga Internasyonal Student At Mga Numero ng Social Security
International Students And Social Security Numbers (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito